# Philippine Biblical Worldview Institute
## Certificate in Christian Ministries

## 1200 Spiritual Warfare ©
**Conrad Jun Tolosa**
Revised November 4, 2021

### SW1201. Ang Battle Ground
### Ang Puno't Dulo ng Pakikibakang Espiritual

*1) Nagtangka si Lucifer na alisin niya ang kanyang sarili sa ilalim ng pamamahala ng Diyos*. Sa simula ay nilikha ng Diyos ang mga anghel at ang mundong kanilang ginagalawan. Matapos ang anim na araw na paglalang ng Diyos sa sansinukob, Siya ay namahinga matapos Niyang pagmasdan ang Kanyang kamangha-mangha gawa at nagpasya ng kasiyahan. Subalit, dumating ang panahon na nagkaroon ng rebelyon sa langit sa pamumuno ng isang archangel na tinatawag na Lucifer. Siya ay isang napakagandang at kahanga-hangang nilikha ng Diyos. Subalit dumating ang sandali na nagkaroon siya ng pagnanais na maging katulad ng Diyos na walang ibang pananagutan. Ginusto niya na siya man ay maging batas sa kanyang sarili. Dahil dito, siya ay nagawaran ng parusang walang katubsan matapos na siya ay magapi sa kanyang ginawang pagre-rebelyon. Siya ngayon ay nakikilala sa pangalang Satanas.

Sa pamumuno ni Michael, tinalo ng grupo ng mga anghel na nanatiling tapat sa Diyos ang mga rebelde. (Isaiah 14:12-15; Ezekiel 28:11-17; Revelation 12:1-9)

*2) Naagaw ni Satanas sa tao ang pamamahala ng lupa*. Sa lupa, kung saan si Lucifer at ang kanyang mga kampon ay itinapon, isa na namang planong pakikibaka ang nabuo sa puso ng diablo. Alam niya na ang pamamahala ng lahat na nilikha ng Panginoong Diyos sa mundo ay pinagkaloob Niya sa tao - - bagay na hindi siya makapapayag. Kinakailangan niyang maagaw ang kapangyarihang ito.

Tinukso ni Satanas ang babae. Pinabulaanan niya ang kahihinatnan ng pagsuway sa utos ng Diyos na huwag kakain ng bunga ng puno ng pagkaalam ng mabuti at masama sapagkat sila ay tiyak na mamamatay. Pinili ni Eba na paniwalaan ang kasinungalingan ng diablo at siya ay kumain ng pinagbabawal na bunga. Hindi napansin ni Adan ang paghiwalay ng Espiritu ng Diyos sa kaluluwa ni Eba ng sandaling iyon. At sapagkat wala kaagad kapuna-punang nangyari sa ginawang pagsuway ni Eba, si Adan ay nagpasiyang kumain din. Pinili ng tao na ilagay ang kanilang pagtitiwala sa salita ng diablo kaysa salita ng Diyos (Genesis 3). Dahil sa pagkahulog sa kasalanan, napasa-ilalim ng kapangyarihan ng kamatayan ang sangkatauhan.

*3) Tinangkang hadlangan ni Satanas ang pagdating ng Mesias*. Matapos magkasala ang tao, ipinahayag ng Panginoong Diyos ang kaukulang parusa at sumpa sa mga nagkasala. Sinabi ng Diyos sa diablo na, *Dadamahin ninyo ng babae ang pagkagalit sa isa't isa, at ng inyo-inyong anak; babasagin niya ang iyong ulo at hahatawin mo siya sa kanyang sakong.* Ito ay pahayag ng Diyos na isasaisip ng diablo sa darating na mahabang panahon.

Taglay din ng sumpang ito ng Diyos sa diablo ang pangako na mayroong darating na natatanging anak ng babae na magdudulot sa kanya ng wakas. Naunawaan ng diablo na ito ay may kinalalaman sa kanyang katapusan kaya naman hindi siya makapapayag na ito ay masakatuparan.

Sinabi ni Cristo na ang diablo ay mamamatay tao mula ng simula pa lamang. Ang unang murder na naganap sa lupa ay nang patayin ni Cain si Abel. Ibig sabihin, si Satanas ang nasa likuran ni Cain na nag-udyok upang si Abel ay mapaslang. Nasa isip ng diablo na kapag napatay si Abel tapos na ang laban na nilalaman sa sumpang ginawad sa kanya ng Panginoong Diyos. Nagkamali siya ng akala. (John 8:44)

*4) Patuloy ang pagtatangkang hadlangan ni Satanas na isilang ang itinalaga ng Diyos na babasag sa kanyang bungo.* Isinilang ni Eba si Seth upang pumalit kay Abel sa pagpapatuloy ng kanyang lahi.

Sa simula't simula pa tinangka nang hadlangan ni Satanas ang pagsilang ng pangakong anak na babasag ng kanyang ulo. Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa pagtatangkang paghadlang na ginawa ng diablo matapos na si Abel ay mapatay:

- Sa Genesis 6 mapag-aalaman natin na sa loob ng isang libong taon, tinangkang ma-corrupt ng diablo ang lahi ni Seth sa pamamagitan ng intermarriage ng dalawang lahi (Cain at Seth). Ang resulta ay naging laganap ang matinding karimlan sa buong mundo. Subalit iningatan ng Diyos si Noah upang maligtas, kabilang ang kanyang tatlong anak at kanilang asawa, sa ginawa Niyang paggunaw ng buong mundo.
- Sa Genesis 11, sinikap ng diablo sa pamamagitan ni Nimrod na huwag kumalat sa buong mundo ang mga tao. Mahirap nga namang mamuhay ng separated lives ang sino man kung ang buong populasyon ay nakatira sa isang siyudad lamang. Ito ay salungat sa kalooban ng Diyos. Subalit dahil sa intervention na ginawa ng Panginoong Diyos, nabigo muli si Satanas.
- Nang sumapit ang matinding taggutom, iniligtas ng Diyos ang kanyang bayan sa pamamagitan ni Joseph na naging kanang kamay ng pinaka-makapangyarihang hari sa mundo, ang paraon ng Egypt.
- Inalipin ng diablo ang bayan ng Diyos makalipas ang mahabang panahon sa pamamagitan ng haring pumalit sa paraong humanga kay Joseph. Sila ay tinangkang hadlangan na makarating sa lupang ipinangako ng Diyos sa kanilang mga ninunong Abraham, Isaac at Jacob. Subalit sa pamamagitan ni Moses at Joshua, natupad ang resettlement ng mga Judio sa Promised Land.
- Mula sa pagkakatatag ng bayan ng Diyos – ang God's chosen people - paulit-ulit ang tema ng kasaysayan ng mga taong ito: a) sila ay tatanggap ng pagpapala mula sa Diyos, b) dahil sa kasaganaan, sila ay makakalimot sa Diyos, c) daranas sila ng disiplina ng Diyos sa pamamagitan ng paglusob ng kanilang mga kaaway na naninirahan sa kanilang karatig-pook, d) sila ay tatawag at hihingi ng tawad sa Diyos, e) diringgin sila ng Diyos at sila ay Kanyang ililigtas mula sa kapangyarihan ng kanilang mga kaaway, f) sila ay muling makararanas ng pagpapala ng Diyos.
- Nagpatuloy ang ganitong spiritual cycle sa panahon ng mga Judges, sa panahon ng mga Hari ng united kingdom, sa panahon nang mahati sa dalawa ang bayan ng Diyos - Northern Kingdom (Israel) at Southern Kingdom (Judah) - hanggang sa magapi ng Assyria ang Israel at ng Babylon ang Judah.
- Sa panahon ng Exile, mapag-aalaman natin na sa likuran ng mga bansa ng mundo ay ang kapangyarihan ng diablo at ng kanyang mga demonyo. Hindi tayo dapat magtaka sapagkat ang diablo nga ang diyos ng mundong ito ayon sa Panginoong Jesus (2 Corinthians 4:4). Tandaan natin na napailalim ng kasinungalingan ni Satanas ang tao na pinagkalooban ng Diyos ng karapatang mamahala sa mundo.
- Sa aklat ng Esther, mapag-aalaman natin ang pagtatangkang ginawa ng diablo na lipulin ang mga Judio sa pamamagitan ng masamang plano ni Haman (Esther 3-4). Ito ay nabigo dahil sa katapatan at katapangan ni Esther.

*5) Tinangkang pasunurin ni Satanas sa kanyang kalooban si Jesus*. Si Herod the Great ang tinataguriang hari ng mga Judio ng panahong isilang si Jesus. Nabalitaan niya na may mga Magi mula sa silangan na naghahanap sa bagong silang na Hari. Dahil dito siya ay lubhang nabagabag. Nang mapag-alaman ni Herod na sa Bethlehem isinilang ang Cristo at ang mga Magi na inaasahan niyang magsasabi sa kanya kung nasaan ang sanggol ay umuwi na sa kanilang bansa, ipinag-utos niya sa kanyang mga kawal na patayin ang lahat ng mga batang lalaki, dalawang taong gulang pababa, na nakatira sa Bethlehem at karatig pook. Subalit naitakas ni Jose ang Cristong sanggol bago dumating ang mga kawal ni Herod. Malinaw na ito ay pakana ni Satanas. Ang Cristo ay lumaking isang Nazareno at sa takdang panahon Siya ay nagsimulang mangaral tungkol sa kaharian ng Diyos.

Matapos bautismuhan si Jesus ni Juan Bautista, Siya ay pinangunahan ng Banal na Espiritu sa ilang upang pagkatapos ng 40 days of fasting, Siya - sa Kanyang kagutuman - ay tuksuhin ng diablo. Tatlong beses tinangka ni Satanas na mapagkasala si Jesus, subalit siya ay hindi nagtagumpay. Tatlong beses ginamit ni Jesus ang salita ng Diyos upang mapawalang bisa ang ginawang panunukso ng diablo. Dapat na tayo ay matuto sa halimbawang ito mula sa ating Panginoon patungkol sa pagsagot sa mga masamang mungkahi ni Satanas. Ang salita ng Diyos ay hindi nagbabago. (Matthew 4:1-11)

*6) Tinangkang mahinto ni Satanas ang layunin ni Cristo sa pamamagitan ni Judas.* Sinasabi sa Luke 22:3-6 na pumasok si Satanas kay Judas Iscariote upang siya ay magtungo sa punong saserdote at mga opisyal ng templo para pagplanuhan nila ang pagtataksil na isasagawa laban kay Jesus.

Nang si Cristo at ang labindalawa Niyang disipulo ay nagdaraos ng Passover na hapunan, pumasok muli si Satanas kay Judas upang kanyang isagawa ang planong pagtataksil sa Panginoong Jesus. (John 13:27)

Dahil sa kataksilang ito ni Judas, si Jesus nga ay naaresto, pinahirapan, isinakdal, nilait, ipinako sa krus at namatay doon sa Kalbaryo. Ang pagkamatay na ito ni Cristo ay inakalang tagumpay ng diablo. Subalit siya ay minsang pang nagkamali.

Sinabi ni Pablo sa kanyang sulat sa mga taga-Corinto na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan at ang kamandag ng kasalanan ay kamatayan. Ngunit sinabi din sa Hebrews na si Jesus ay naging tao upang sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay durugin Niya ang kapangyarihan ng kamatayan.

*7) Hindi napigilan ng kamatayan ang pagkabuhay muli ni Cristo.* Sa Luke 24:44-49, sinabi ni Cristo sa Kanyang mga disipulo ang ganito: Ang lahat ng nakasulat tungkol sa Akin sa Batas ni Moses, sa mga Propeta at mga Awit ay nararapat na magkaroon ng katuparan. Pagkatapos ay binuksan Niya ang isipan ng Kanyang mga disipulo upang maunawaan nila ang mga Kasulatan, na ang nakasulat ay: Ang Cristo ay magdurusa at babangon mula sa mga patay sa ikatlong araw, at ang pagsisisi at kapatawaran ng kasalanan ay ipapahayag sa lahat ng bansa sa Kanyang pangalan, simula sa Jerusalem.

Sa Acts 2:22-24, ipinangaral ni Apostol Pedro sa mga Israelita ang ganito: Si Jesus ng Nazareth ay isang taong pinatotohanan ng Diyos sa inyo sa pamamagitan ng mga milagro, kababalaghan, at mga tanda na ginawa ng Diyos sa kalagitnaan ninyo. At alam ninyo iyon. Siya ay ipinagkaloob ng Diyos sa inyo sa Kanyang takdang layunin at pangunang kaalaman; at kayo, kasabwat ang masasamang loob, ang pumatay sa Kanya nang ipako ninyo Siya sa krus. Subalit Siya ay muling binuhay ng Diyos, pinalaya sa pagpapakasakit ng kamatayan, sapagkat imposible para sa kamatayan ang di Siya pakawalan.

Ang naisin ni Apostol Pablo na binanggit niya sa Philippians 3:10 ay ang makilala si Cristo at ang kapangyarihan ng Kanyang resurrection. Ganoon na lamang ang pagkamangha ni Pablo sa kapangyarihan ng Diyos na nagpapawalang bisa sa kamatayan.

Hindi napigilan ng kamatayan ang pagkabuhay muli ni Lazarus nang tawagin siya ni Jesus mula sa mga patay. Hindi rin niya napigilan ang pagkabuhay muli ni Cristo. At hindi niya mapipigilan ang resurrection ng mga believers pagdating ng takdang oras.

*8) Ginapos ni Cristo si Satanas.* Matapos ang 40 days na pagtigil sa lupa mula nang Siya ay nabuhay muli mula sa mga patay, bumalik na sa langit si Cristo upang umupo sa kanang kamay ng Diyos Ama at doon ipagpatuloy Niya ang Kanyang pamamahala sa sansinukob.

Sa Matthew 12:29, sinabi ni Cristo na hindi maaaring nakawan ang isang bahay kung hindi mo muna igagapos ang strong man. Sa panahon ng Old Testament ang chosen people ng Diyos ay ang bayan ng Israel. Ang mga Gentiles ay tinataguriang taga-labas o banyaga. Ibig sabihin, sila ang larawan ng mga di-mananampalataya na naninirahan sa bahay o kingdom ni Satanas. Subalit dumating na nga ang ilaw ng ebanghelyo ni Cristo para sa kanila; kaya ang unang-unang dapat gawin bago makapaglipat ng mga magiging mananampalataya mula sa kaharian ng kadiliman tungo sa kaharian ng liwanag ay ang igapos ang strong man, si Satanas. Ito ay isinakatuparan ni Cristo bago Niya pinahayo si Apostol Pablo sa mga bansa ng mga Gentiles (Acts 9:15). Mula noon hanggang ngayon, halos mga Gentiles lamang ang pumapasok sa kaharian ng Diyos. Subalit, tulad ng sinabi sa Revelation 20:3, bago matapos ang mahabang panahon, muling pakakawalan si Satanas upang siya ay muling makapanlinlang ng mga bansa.

Sa 2 Peter 3:8, nilinaw na sa perspective ng Diyos, ang 1,000 years ay tulad lamang sa isang araw, at ang isang araw naman ay tulad ng 1,000 years. Sa kalangitan – kung saan nananahaan ang mga anghel - hindi sinusukat ang panahon sa pamamagitan ng oras, araw, buwan o taon tulad dito sa lupa.

Sa takdang panahon, babalik muli si Cristo upang itatag ang Kanyang walang katapusang kaharian dito sa lupa gaya ng sa langit. Ang lahat ng mananampalataya ay magiging kabahagi sa pamamahala at pangangasiwa ng sansinukob.

*9) Pansumandaling pakakawalan si Satanas para sa final battle.* Pagkatapos ng 1,000 years, pakakawalan si Satanas sa kanyang pagkakagapos at siya ay muling manlilinlang ng mga bansa sa apat na sulok ng daigdig tungo sa huling digmaan. Ang bilang ng hukbong lilipulin ni Satanas ay parang buhangin sa dalampasigan. Magmamarcha sila sa kalawakan ng lupa at paliligiran nila ang bayan ng Diyos, ang lungsod na Kanyang minamahal. Subalit bumagsak ang apoy mula sa langit at ang army ni Satanas ay nilamon nito. At ang diablo, na nanlinlang sa kanila, ay tinapon sa lawa ng umaapoy na pulbura, kung saan tinapon din ang halimaw at ang bulaang propeta na kasabwat sa pagpapahirap sa bayan ng Diyos. Sila ay pahihirapan araw at gabi magpakailan man (Revelation 20:7-10).

*10) Tiyak ang tagumpay ni Cristo.* Tinapon ang mga kaaway ng Panginoon sa apoy ng impiyerno at ipinutong na sa Kanya ang korona ng kaharian. At nakita ni Apostol Juan ang isang malaking tronong puti at ang nakaupo doon. Ang lupa at alapaap ay umalis sa Kanyang presensya; walang lugar para sa kanila. At nakita niya ang mga patay, mga batikan at pangkaraniwan na nakatayo sa harapan ng trono. At may mga aklat na binuksan. At isa pang aklat ang binuksan -- ang aklat ng buhay. Ang mga patay ay

hinusgahan ayon sa kanilang mga ginawa na nakatala sa aklat. Ang dagat ay nagluwa ng mga patay na nasasa kanya, at ang kamatayan at ang Hades ay nagluwa ng mga patay na nasasa kanila, at ang bawat isa ay hinusgahan ayon sa kanyang ginawa. At pagkatapos, ang kamatayan at ang Hades ay tinapon sa lawa ng apoy. Ang lawa ng apoy ay ang pangalawang kamatayan. At ang sino man na wala ang pangalan sa aklat ng buhay ay itinapon sa lawa ng apoy (Revelation 20:11-15).

At nakita ni Apostol Juan ang bagong langit, ang bagong lupa at bagong Jerusalem na bumababa mula sa langit, mula sa Diyos na parang kasintahang ihinanda para sa kanyang mapapangasawa. At nakarinig si Apostol Juan ng malakas na boses mula sa trono na nagsasabing: *Ngayon ang tirahan ng Diyos ay kasama na sa mga tirahan ng tao, at Siya ay mananahan kasama nila. Sila ang Kanyang magiging bayan, at ang Diyos mismo ang makakasama nila at magiging Diyos nila. Papahiran Niya ang bawat luha mula sa kanilang mga mata. Wala nang kamatayan o pagluluksa o panaghoy o sakit, sapagkat ang lumang sistema ay nakalipas na* (Revelation 21:1-4).

**Part Two: Unawain Ang Battle Ground**

Bagamat si Boss na hari ng isang crime syndicate ay nakakulong sa Bilibid, napapatakbo pa rin niya ang kanyang organisasyong criminal. Patuloy pa rin ang ginagawang illegal drug (shabu) distribution ng kanyang mga kawal. Ganyan din si Satanas, na bagamat siya ay nakagapos sa bilangguan, nakapag-sasabog pa rin ang kanyang mga opisyales at kanilang mga kawal ng karimlan sa buong mundo.

Itinuturo ng Lumang Tipan na sa likuran ng bawat evil power na nagpapatakbo sa mga bansa sa mundo ay walang iba kundi si Satanas at ang kanyang mga sindikato. Hindi mahirap na ito ay paniwalaan sapagkat alam natin na naging bahagi na ng kalikasan ng tao mula nang kanyang pagkahulog sa kasalanan ang maghangad ng kapangyarihan na sasakop sa buong mundo. Ang mandato ng Diyos na sakupin ang lahat ng mga ibon, isda at hayop sa mundo ayon sa Kanyang kalooban ay naputikan ng pagsakop sa lahat ng nilalang, pati na pagsakop sa ibang tao, ayon sa sariling kalooban. Ang paniniwala na ang mundo ay nilikha para sa kanyang kasiyahan, at hindi para sa Diyos, ay naging natural sa puso ng tao; paniniwala na naging driving force ng kanyang buhay.

Para maunawaan ang takbo ng buhay ng tao, nararapat na maunawaan muna ang naging epekto ng kasalanan sa kanyang buong pagkatao. Una, nangibabaw ang pagnanasang makasarili sa kanyang puso na dati-rati ay puno ng pagnanais na sumamba at malingkod sa Diyos lamang. Na-corrupt ang malinis na puso ng tao dahil sa kasalanan -- ang kanyang godly desires ay natabunan ng selfish desires. Ikalawa, ang isip o intellect ng tao ay na-corrupt din dahil sa ang mga katotohanang laman nito ay nahaluan at naisang-tabi ng mga makamandag na kasinungalingan ng diablo. Ang kanyang isip ay pinuno ng mga bagay ng kasiya-siya sa sarili at hindi sa Diyos. Ikatlo, ang pakiramdam o emotion ng tao ay na-corrupt din dahil sa sari-saring mga bagong emotion ang kanyang nadama: guilt, shame, takot, pagkawala. Ika-apat, ang will o kalayaang magdesisyon ay hindi naman naapektuhan. Ito ay nananatiling malayang makapamili kung ano ang kanyang isasagawa sa mga ninanais ng kanyang puso. Susundin pa rin niya ang pinakamalakas na naisin o kagustuhan ng kanyang puso.

Ang isang bagay na dapat maunawaan nating lahat nang husto ay ito: Ang pananalig o pagtitiwala ng tao mula sa pagkahulog ni Adan ay nananatiling nakatindig sa salita ng diablo; tulad ng nangyari sa Hardin ng Eden. Ito ang deepest corruption of the heart. Natural sa tao ang pagkawalang-tiwala sa salita ng Diyos. Ito ay bahagi at kabuoan ng kanyang makasalanang kalikasan. Kaya pala sinabi ng Panginoong

Jesus na nararapat na ipanganak muli ang tao upang makita niya ang kaharian ng Diyos – ang mga bagay na makalangit.

Kapag naunawaan ang kalagayan at kalikasan ng tao, mauunawan din ang mga kaparaanan at mga sistemang nagpapaikot sa mundo at kung bakit ang tao ay parang mga puppet sa kamay ng diablo. Kaya, ang taong nakauunawa sa kalikasan ng tao, ng mundo at ng diablo ay ang taong magiging matagumpay sa larangan ng spiritual warfare.

Nagtagumpay ang 300 na sundalo ni Gideon laban sa napakaraming kawal ng mga Midianites sapagkat kasangga nila ang Panginoong Diyos. Dahil sa pagkalito, nagpatayan ang kanilang mga kaaway. Sa labanang ito mayroong mahahalagang bagay na dapat matutuhan kaugnay sa pakikibakang espiritual. Una na rito ang katotohanang nasasa kamay ng Diyos ang tagumpay. Ikalawa ang pagsasagawa ng paghahandang tinagubilin ng Diyos. Kung saang dako ng battlefield pupuwesto ang mga sundalo, ang pag-ihip ng trumpeta, ang pagtataas ng sulo at pagsigaw sa takdang sandali ng mga sundalo ni Gideon - ang lahat ng ito - ay kasama sa stratehiyang ihinanda ng Diyos para sa kanila. Sigurado ang tagumpay kapag ang pakikibaka ay isasagawa ayon sa plano ng Diyos.

Ang battle ground ng spiritual warfare na hinaharap ng mananampalataya sa araw-araw ay ang kanyang isipan. Ang paggalaw, ang pamumuhay ng tao ay nanggagaling sa dikta ng kanyang mga pina-hahalagahan sa buhay na nagmumula naman sa kanyang mga pinaniniwalaan.

Nagtagumpay ang hukbo ni Gideon sapagkat naniwala siya at ang kanyang mga sundalo na ang Panginoong Diyos ay kasama nila sa laban. Sapagkat pinaniniwalaan nila ang salita ng Diyos, naging mahalaga sa kanila na sundin ang Kanyang mga pinag-uutos hinggil sa paghahanda sa nalalapit na labanan. Ang bawat aksyon na ginawa ng mga sundalo ay naaayon sa kanilang ginawang paghahanda.

Sa ating panahon, ang labanan sa isipan ng mananampalataya ay hindi madali unawain. Kung ano ang dapat paniwalaan ay nangangailangan ng malalim at seyosong pag-aaral sapagkat ito ay may kinalalaman sa pagwawari kung ang isang bagay ay naaayon sa katotohanan ng salita ng Diyos o ito ay salungat o kaya naman ay hawig lamang sa katotohanan. Ang isang mabisang tactica ng kaaway ay ang paggamit na mga huwad na mga guro o propeta na magpapanggap na sugo ng Diyos. Ang mga ito ang nagbabalasa ng salita ng Diyos upang palabasin ang mga katuruan na hindi naman nakabase sa katotohanan. Alam ni Satanas na kung hindi sa katotohanan nakatayo ang mga pinaniniwalaan ng isang mananampalataya siguradong mapapabagsak niya ang moralidad ng taong ito.

Ito ang sinasabi ni Apostol Pablo sa Romans 12:1-2: Pinamamanhikan ko sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng kaawaan ng Diyos, na inyong ihain ang inyong mga katawan na isang buhay na handog, banal at kalugod-lugod sa Diyos, na inyong makatuwirang paglilingkod. At huwag na kayong makiayon sa sanlibutang ito, bagkus ay magbago kayo sa pamamagitan ng pagtatama ng inyong isip, upang mapatunayan ninyo kung ano ang mabuti at katanggap-tanggap at sakdal na kalooban ng Diyos.

Totoo na nararapat na itama ang mga laman ng ating isipan na nagmumula sa katuruan ng mundo sapagkat walang sang-ayon sa salita ng Diyos ang taglay ng mga katuruang ito. Ang mga prinsipyo ng buhay na ating pinaniniwalaan bago tayo ay nakaranas ng pagkabuhay muli ay nagmula lahat sa mundo. Hindi katanggap-tanggap sa isipan ng di-mananampalataya ang mga katuruan ng Bibliya. Subalit dahil sa kapanganakang muli ang mananampalataya ay nagkakaroon ng bagong puso na may taglay na kaisipan na may pagkauhaw sa salita ng Diyos. Ang malalim at seryosong pag-aaral ng Bibliya ang

makapagtatama ng mga maling katuruan na laman ng ating isipan. Dito sa ating isipan nagaganap ang init ng labanan ng katotohanan laban sa kasinungalingan, ng mabuti laban sa masama at tama laban sa mali.

**I. Multiple choice**

1. Dapat nating maunawaan na mayroong naging epekto ang kasalanan sa ilang bahagi ng ating pagkatao.
   a. True
   b. False

2. Bagamat si Satanas ay nakagapos na sa bilangguan, nakapagsasabog pa rin siya ng karimlan sa mundo.
   a. True
   b. False

3. Ang isang epekto ng kasalanan sa tao ay ang pangingibabaw ng pansariling pagnanasa sa kanyang isip.
   a. True
   b. False

4. Ang isa pang epekto ng kasalanan ay ang pagka-corrupt ng isip ng tao sapagkat ang mga katotohanang laman nito ay napalitan ng kasinungalingan.
   a. True
   b. False

5. Ang emotion ng tao ay na-corrupt din dahil siya ay naging emotional.
   a. True
   b. False

6. Ang kalayaan ng tao na magdesisyon ay naapektuhan din ng kasalanan sapagkat isasagawa niya ang ninanais ng kanyang puso.
   a. True
   b. False

7. Ang pananalig o pagtitiwala ng tao mula sa pagkahulog ni Adan ay nananatiling nakatindig sa salita ng Diyos.
   a. True
   b. False

8. Ang deepest corruption of the heart ay
   a. Ang pagtitiwala ng tao mula sa pagkahulog ni Adan ay nananatiling nakatindig sa salita ng diablo
   b. Ang pagtitiwala ng tao mula sa pagkahulog ni Adan ay nananatiling nakatindig sa sariling paniniwala.
   c. All of the above

9. Sinabi ng Panginoong Jesus na nararapat na ipanganak muli ang tao upang makita niya ang kaharian ng Diyos.
   a. True
   b. False

10. Sa spiritual warfare, mayroon tayong mahalagang bagay na dapat matutuhan.
   a. Ang tagumpay natin ay nakasalalay sa ating pagsusumikap.
   b. Ang tagumpay natin ay nasa kamay ng Diyos.
   c. Ang tagumpay natin ay nakadepende sa pagiging masunurin natin.

11. Ang battle ground ng spiritual warfare na hinaharap ng mananampalataya sa araw-araw ay ang kanyang
   a. emotion
   b. isipan
   c. kalooban

12. Ang paggalaw o pagkilos ng tao ay nanggagaling sa dikta ng kanyang
   a. mga pinahahalagahan sa buhay na nagmumula naman sa kanyang mga pinaniniwalaan.
   b. mga pinaniniwalaan na nagmula sa mga pinahahalagahan sa buhay.
   c. All of the above

13. Ang mabisang tactica ng kaaway ay ang paggamit ng mga
   a. guro na nagbabalasa ng salita ng Diyos upang palabasin ang katuruan na hindi naman nakabase sa katotohanan.
   b. huwad na guro o propeta na nagpapanggap na sugo ng Diyos.
   c. All of the above

14. Inutusan tayo ni Apostol Pablo na huwag nang makiayon sa takbo ng sanlibutang ito bagkos ay magbago sa pamamagitan ng pagtatama ng ating isip
   a. Upang mapatunayan na tayo nga ay may kaligtasan at mga anak ng Diyos.
   b. Upang mapatunayan natin kung ano ang mabuti at katanggap-tanggap at sakdal na kalooban ng Diyos.
   c. Upang mapatunayan na tayo nga ay hindi mapariwara at maligaw ng landas.

15. Dapat lang na itama ang mga laman ng ating isipan na nagmula sa katuruan ng mundo sapagkat
   a. Hindi ito katanggap-tanggap sa Diyos.
   b. Hindi naaayon sa salita ng Diyos ang mga katuruang ito.
   c. Hindi ito nakapagbibigay kaluguran sa Diyos.

## II. Short Essay (250 words – 20 points)

Paano ka nakararanas ng spiritual na pakikibaka sa araw-araw?

© Revised: November 4, 2021 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.